Department of Political Science Ateneo de Manila University Elections 2022 Why Leni -Kiko? Working Paper Series no. 5

Gobyernong Tapat, May Serbisyong Pangkalusugan Para sa Lahat!

Dennis B Batangan, MD MSc * Leslie V Advincula-Lopez, PhD

Department of Political Science Ateneo de Manila University Elections 2022 Why Leni -Kiko? Working Paper Series no. 5

Gobyernong Tapat, May Serbisyong Pangkalusugan Para sa Lahat!

2022 Department of Political Science Ateneo de Manila University
Dr Rosita and Ricardo Leong Hall Ateneo de Manila University Katipunan Avenue
Loyola Heights Quezon City 1108
https://admupol.org

Preface

This is part 5 of a series of working papers on the 2022 Philippine National Elections. Each essay reflects the individual faculty's specialization and research interest.

Series:

Working Paper no. 1
Matatag, Maginhawa, Panatag:
A vision of the life Filipinos deserve
Dr Pilar Berse and Oliver Quintana

Working Paper no. 2
Possibility of A Labor Centered Development Dr Carmel Abao and Dr Melissa Lao

Working Paper no. 3
An Opportunity for Feminist Governance Mariel Quiogue and Dr Lourdes Rallonza

Working Paper no. 4
Education
Dr Anne Lan Candelaria and Dr Pilar Berse

Working Paper no. 5
Gobyernong Tapat, May Serbisyong Pangkalusugan Para sa Lahat!
Dr Leslie Lopez and Dr Dennis Batangan

Working Paper no. 6
Security
Dr Jennifer Oreta and Dr Alma Maria Salvador

Working Paper no. 7
Institutions
Dr Diana Mendoza, Arjan Aguirre and Atty Ricardo Sunga

Working Paper no. 8

Concluding article on Democracy

Miguel Rivera and Atty Ross Tugade

Dalawampu't tatlo (23) kada 1000 bata ang namamatay sa Pilipinas bago pa man sila magdiwang ng kanilang unang kaarawan. Isa sa pinakamataas na bilang sa mga bansa sa Timog Silangang Asya (https://data.worldbank.org/indicator/SP.DYN.IMRT.MA.IN?locations=Z4-PH). Nakalulungkot din na ang Pilipinas ay kasama sa 10 bansa sa buong mundo na may pinakamataas na antas ng "stunting at wasting" kung saan 29% ng mga bata ay tinatayang kulang sa timbang o di kaya ay nakararanas ng pagkabansot.

Sa panahon ng pandemyang COVID 19, tumaas din ang bilang ng mga kababaihan na namamatay dahil sa kumplikasyon sa pangananak. Sa pag-aaral na ginawa ng University of the Philippines Population Institute (UPPI), itinatayang tumaas ng 26% ang bilang sa pagitan ng taong 2019 at

2020. At sa pag-aaral na ginawa ng World Health Organization (WHO), 68% ng kadahilanan sa pagkamatay sa bansa ay dahil sa Non-Communicable Diseases (NCD) na nagpapatunay na may mga batayang pagkukulang ang ating sistemang pangkalusugan.

Ang mga datos na ito ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga karamdaman na maaari maiwasan kung ang bawat pamayanan sa Pilipinas ay mayroong maayos at abot-kayang sebisyong pangkalusugan para sa lahat. Samantala, ang mga sunod-sunod na sakuna at pananalanta ng COVID-19 sa ating personal, propesyonal at pang araw-araw na buhay ay higit na nagpatingkad sa mga kakulangan sa mga programa at serbisyong pangkalusugan. Katulad ng paulit-ulit na sinasabi ni Bise-Presidente **Leni Gerona Robredo**, ang pandemya ang nagmulat sa ating mga mata sa mga

batayang pagkukulang na ito na labis naging pahirap sa marami sa ating mga kababayan.

Ang serbisyong pangkalusugan ay karapatan ng bawa't Pilipino ngunit kadalasan ito ay nakakalimutan at ipinagsasawalang bahala ng maraming lingkod bayan. Sa puntong ito lubhang angat si **Bise Presidente Leni Robredo.** Hindi lamang natin nadama ang kaniyang pagkalinga, malinaw din nating nakita ang kaniyang mga tukoy na plano at programa upang itaas ang antas pangkalusugan ng bawat Pilipino. Mga programang pangkalusugan na nagpapakita ng malinaw at malalim na pang-unawa sa pangangailangan ng taumbayan at mga suliranin ng pamamahala sa sektor pangkalusugan.

Matatag na serbisyong pangkalusugan sa bawat pamayananan

Lubhang nauunawaan ni Bise Presidente Robredo na may iba't-ibang hamon ang bawat pamayanan kung kaya't una sa kaniyang plano ang pagpapalakas sa kalusugang pampamayanan. May mga lokal na pamahalaan na may sapat na kakayahan ngunit marami rin ang nangangailangan ng tulong pinansiyal at teknikal upang tugunan ang mga pangangailangang pangkalusugan sa kanilang mga lugar. May mga komunidad na ang kinalalagyan ay malapit sa mga sakuna at sakit. Kasama na rin dito ang mga pamayanang lubhang malayo upang maabot ng karampatang serbisyong pampubliko. Lahat ng mga hamong ito ay nauunawaan ni Bise-Presidente Leni Robredo kung kaya't una sa kaniyang plano ang pagpapalakas ng serbisyong pangkalusugan sa bawat pamayanan, mayaman man o mahirap,

malapit man o malayo, na siyang magiging sandigan ng bawat Pilipino.

Tama at epektibong implementasyon ng Universal Health Care

Malaking bahagi ng hamong pangkalusugan ng nakararaming Pilipino ay maaring iwasan kung sa simula't sapul ay mayroong ang bawat Pilipino na komprehensibong planong pangkalusugan. Nakita ito ni Bise-Presidente Leni Robredo sa kaniyang masugid na pag-iikot sa lahat ng bayan sa buong bansa. At dahil siya ay masugid na mag-aaral upang makahanap ng nararapat sa solusyon, palalakasin niya ang Universal Health Care (UHC) at lahat ay bibigyan ng kasiguruhan sa kalusugan sa pamamagitan ng *National Health Insurance Program*. Kasabay nito ang pagtataguyod ng maayos na *referral system* sa pamamagitan ng mga *Health Care Provider Network (HCPN)* sa mga probinsiya at siyudad. Lahat ng

Pilipino ay magiging bahagi ng UHC at makininabang sa mga benepisyo nito sa unang 100 araw ng kanyang panunungkulan.

Malinis at epektibong pamahalan para sa malakas na sistemang pangkalusugan

Lubos na nauunawaan at napag-isipan ni Bise Presidente Leni Robredo na ang karapat-dapat na solusyon sa mga masalimuot na suliraning pangkalusugan ay hindi masasgot ng iilang programa lamang, itataguyod niya ang isang matatag na sistemang pangkalusugan na handang tumugon sa mga epidemya, pandemya tulad ng COVID-19, Non-Communicable

Diseases (NCDs), kakulangan ng mga gamot at gamit sa mga ospital at health centers at mga sakunang nagdudulot ng maramihang pagkakasakit. Sa kaniyang malalim na pangunawa sa mga suliraning pagkalusugan nagmumula ang pangunawa na ang maayos na platapormang pangkalusugan ay maisasabuhay lamang sa pamamagitan ng tapat, malinis at makataong pamamahala.

Nnguni't anumang pangkalahatang programang pangkalusugan ay hindi magiging lapat kung maraming Pilipno at patuloy na nagugutom. Ang pagpapalakas sa sektor ng agrikultura na itinutulak ni Senator Kiko Pangilinan upang magkaroon ng sapat na pagkain ang bawat Pilipino ay lubhang kirtikal upang magtagumpay ang pangkalahatang programang pangkalusugan inilatag ni Bise-Presidente Leni Robredo.

Sa Mayo 9, Pumili ng Dapat Upang Iangat ang Buhay ng Lahat

Sa nakalipas na anim na taon, naipakita rin ni Bise-Presidente Leni Robredo na may sapat siyang kakayahan na hikayatin ang iba't ibang grupo mula sa pampubliko at pribadong sektor, *civil society organizations*, propesyonal at mga sektoral na grupo upang sama-samang tumugon sa kanyang mga panawagan at adhikain. Naipamalas niya sa maraming pagkakataon na handa niyang harapin ang ano mang hamon sa kaniyang panunugkulan upang makatugon sa mga pangangailangan ng sambayanang Pilipino kahit na lubhang kulang ang suporta sa kanyang panunungkulan at mga programang inilalatag. Simula't sapul naipakita ni Bise-Presidente Robredo - ang kaniyang pangunawa at kakayahang pangibabawan at pamahalaanan ang mga usaping pinansiyal, administratibo at teknikal. Ito ang mga kagyat na katangian

ng lider na tutugon sa mga lumalalang usaping pangkalusugan ng ating bansa.

Sa kaniyang malinaw na platapormang pangkalusugan lubos nating nadama ang pagkalinga ni Bise Presidente Robredo. Sa mga madidilim na araw ng pandemya, ito ang nagsilbing tanglaw para sa marami nating mga kababayan upang maitawid ang kanilang mga pangangailangan bunga ng pangkalahatang pagkukulang ng pamahalaan. Ito ang uri ng pamumuno na may pagmamalasakit at pagpapahalaga sa kapakanan ng lahat ng Pilipino lalung-lalo na ang mga higit na nangangailangan at naghihikahos sa buhay.

Sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin, naipamalas nina Bise-Presidente Leni Robredo at Senador Kiko Pangilinan ang kanilang katapatan sa tungkulin bilang mga lingkod bayan at halal na opisyal ng bansa. Katapatan sa tungkulin na kay tagal

nang minimithi ng sambayanan at isa sa pangunahing pangangailangan ng sektor pangkalusugan. Katapatan sa tungkulin na magbibigay sa atin ng tapat na pamununo sa pagpapatupad ng Universal Health Care (UHC) at mahusay na pamamahala sa pagtugon sa mga pangangailan ng mga lokal na pamahalaan at komunidad kasama na rin ang paglalagay ng pagkain sa hapag ng lahat ng Pilipino. Tapat na pamumuno na siyang gagabay sa sektor pangkalusugan at agrikultura upang tugunan ang mga batayang pangangailangan sa kalusugan ng ating mamamayan.

Higit kailan man, mas lalo nating kailangan ang pamahalaang may pagkalinga. Higit kailan man kailngang maramdaman ng bawat Pilipino ang pag damay ng mga namumuno sa mamamayan. Ito ang naranasan na natin at mararanasan pa muli sa pamumuno ni Bise Presidente Maria Leonor 'Leni' Gerona Robredo-

kasalukuyang Bise Presidente ng Republika ng Pilipinas, abugado, ekonomista, mapagkalingang lingkod bayan at ulirang ina at sa nalalapit na mga araw, ang susunod na Presidente ng Bansang Pilipinas. Kasama niya ang tapat na abugado, magsasaka at lingkod-bayan, Senador Kiko Pangilinan**. Ang tagumpay ni Robredo at Pangilinan sa Mayo 9, 2022 ay tagumpay ng sambayanag Pilipino.**

About the Authors

Dr Dennis Batangan M.D. M.Sc is a research associate at the Institute of Philippine Culture, and lecturer at the Department of Political Science and School of Government, Ateneo de Manila University. He completed his Doctor of Medicine from the University of the Philippines-Manila and Masters of Science in Community Health for Developing Countries from the University of Heidelberg in Germany. In 2021, his research team from the Ateneo de Manila University on the eHATID LGU system was one of the top three nominees to the 'TECHNICOM GAWAD 2021' under the 'Dakilang Ambag sa Imbensyon at Siyensiyang Pangkalusugan' (GAWAD DAGISIK) category and also received a Bronze Medal from the Filipino Inventors Society under the 'Pending Patent Category'.

Dr Leslie Advincula Lopez is an Assistant Professor at the Development Studies Program and the Department of Political Science, Ateneo de Manila University. She is also a Research Fellow at the Institute of Philippine Culture of the same university. Her research interests are in the fields of health security and security sector reform.